



THE ROCKING HORSE

A complete range of giftware featuring the paintings in
CANVAS EARTH TALES is available at
www.canvasdownstream.com.

We enjoy hearing from our readers.

Please feel free to let us know what you think of this book by
emailing us at info@canvas.ph, or by mail at CANVAS, No.1
Upsilon Drive Ext., Alpha Village, Diliman, Quezon City,
Philippines 1119.

First published in hardcover by UST Publishing House, 2006

First paperback edition, 2006

Online version, 2009

Printed in the Republic of the Philippines

Book and layout design by Daniel Palma Tayona

Cover (The Rocking Horse) by Elmer Borlongan

All illustrations originally rendered in oil on linen/canvas

Photography by Mike Cheung / Northlight Studio


Sinulat ni
BECKY BRAVO

Ipininta ni
ELMER BORLONGAN

Isinalin sa Tagalog ni
Augie Rivera



May isang haciendero sa isang bayan sa katimugan, na may plantasyon ng mga punong namumunga at alagang mga kabayo. Minsan siyang nagkaroon ng kabigha-bighaning asawa na may ngiting tila banayad na sikat ng araw sa kaniyang mukha, at kung tumawa'y tila kuliling ng maliliit na kampanilya. Hilig niya ang tumakbo sa kakahuyan nang nakayapak, at sumakay ng kabayo sa paligid ng bukid nang walang siyá. Lagi siyang puno ng lakas at sigla na kung minsa'y kinakapos tuloy siya ng hininga.






Araw-araw, nagsusumamo ang haciendero sa asawang huwag masyadong pagurin ang sarili, at lagi, nangangako itong susunod sa pakiusap niya. Ngunit tuwing naririnig niya ang halinghing ng mga kabayo at nasasamyong mapanghalinang simoy ng hangin na labas-masok sa malalapad na bintana ng kanilang malaki at lumang bahay, nalilimutan na niya ang lahat. Pinagod niya nang husto ang kaniyang sarili, hanggang isang araw ay tinakasan na siya ng hininga, at hindi na niya ito muling nahabol pa.

Pumanaw ang kabiyak ng haciendero noong tag-araw ng ika-anim na taon ng kanilang pagsasama, at naulila ang kanilang munting supling na si Francisco.



‘Chisco’ ang tawag ng bata sa sarili. Mahina ang kaniyang katawan at sakitin, bagamat taglay niya ang ngiti at sigla ng kaniyang ina. Madali siyang mapagod at hindi niya kayang magbabad sa labas ng bahay sa buong maghapon. Ganunpaman, gustong-gusto pa rin niya ang maglaro sa labas.

Tatakbo siya at hahanapin ang kaniyang ama, at magmamakaawang pasakayin siya sa paborito niyang kabayo na kulay-kape at may kilíng na kulay asukal na pula.



Kung maaabutan niya ang ama sa plantasyon, hahayaan siya nitong mamulot ng mga sanga, kulisap, at mga tuyong dahon. Kapag napagod, ipipitas niya si Chisco ng kahit anong bunga para kainin ito sa lilim ng isang matabang kamagong na siyang pinakapaboritong puno ni Chisco sa buong plantasyon. Hihilata ang bata sa lupa at sa lilim ng mga sanga, kakainin niya ang mga bungang bagong pitas ng kaniyang ama – minsa’y aratiles, mangga, mabolo, santol, rambutan, lanzones o bayabas.





Pagkakain, ipupulupot ni Chisco ang kaniyang mga braso sa puno ng kamagong para hulaan kung kailan kaya mag-aabot ang mga dulo ng kaniyang daliri sa paligid nito.

“Papa,” tanong niya sa ama, “nandito pa rin ba ang kamagong na ito pag laki ko?”

“Palagay ko, Chisco. Ba’t mo naman naitanong?” sabi ng ama niya.

“Gusto ko nandito pa siya pag malaki na ako at mag-aabot na ang mga daliri ko pag yakap ko siya!” sabi ni Chisco.

“Kung ganoon, dapat siguraduhin mong gugustuhin niyang manatili dito sa atin, di ba?” sagot ng ama. Yumuko ito at bumulong sa tainga ng anak. “Dalawin mo siya lagi, at sabihin mo na tumubo pa siya nang husto. Alam mo, naririnig ka niya,” sabay takip ng daliri sa labi, na parang may nasabing isang malaking sikreto.





Mula noon, walang araw na pinalampas si Chisco na hindi niya dinadalaw ang matabang puno ng kamagong para sabihan itong tumubo pa nang husto. Yayakapin niya ang katawan ng puno at kaka-usapin itong parang isang kaibigan. Tila nararam-daman ito ng puno hanggang sa kaniyang mga ugat, at nagsimula itong yumabong. Lumago at tumingkad ang luntiang mga dahon nito, tumibay ang katawan, namukadkad ang mga bulaklak at namunga ng kayumanggi at mamula-mulang mabolo, kahit hindi na kapanahunan.



Ngunit isang maaliwalas na umaga noong tag-araw, hindi na dinalaw ni Chisco ang puno. Ang kaniyang katawan, na mahina na noonpaman, ay nauubusan na ng sigla. Tila tinatakasan lagi ng kulay ang mukha niya, at napapad alas na rin ang pagsisikip ng kaniyang hininga para ipagwalangbahala pa. Naalala ng haciendero ang sinapit ng kaniyang asawa, kung kaya't nagpasiya itong huwag nang palabasin ng bahay ang anak niya, upang huwag na itong takasan ng kaniyang hininga.


Nanatili si Chisco sa loob ng apat na dingding ng kaniyang silid. Maghapon lang siyang nakatanghod sa bintana, tahimik na umaasang makapaglalaro muli sa labas. Tuwing umaga, kinakawayan niya ang kaniyang amang paalis na upang alagaan ang kaniyang mga kabayo at mga puno. Pagbalik nito ng dapithapon, nandoon pa rin Chisco, nag-aabang, nakadikit ang mukha sa malamig na rehas ng bintana.





Ginawa ng haciendero ang lahat upang amuin at ibaling ang isip ng anak mula sa labas ng bahay. Pinuno niya ang kuwarto ng anak ng maraming bagay - iba't ibang mga laruan, instanteng puno ng mga libro, isang buntong puno ng mga papel, pintura, at mga lapis na pangguhit at pangsulat.





Sa isang sulok ng kuwarto nagsisiksikan ang ilang mga instrumentong pangmusika tulad ng piano, gitara, tambol, batingting, torotot at isang makintab na biyolin. May dumadating pang mga tutor upang turuan at libangin si Chisco sa mundo ng mga titik, musika at sining, ngunit kahit anong saya at halina ang hatid ng mga ito, tila walang makatutumbas sa ligayang dulot ng paglalaro sa labas.

Hinahanap-hanap ni Chisco ang pagtakbo sa damuhan, pagsakay sa paborito niyang kabayo, at pagkain ng prutas sa lilim ng puno ng kamagong. Natatanaw nga niya ang puno mula sa kaniyang bintana, at alam niyang naghihintay itong yakapin niyang muli at sabihan na lumaki pa nang husto. Batid niyang nararamdaman nito ang matagal niyang pagkawala. Sa paglipas ng mga araw, tumamlay ang kulay ng mga dahon nito, at pagtagal, hindi na ito namunga o namulaklak.

Walang humpay si Chisco sa pagtatanong kung puwede na siyang lumabas at mas mabuti na ang kaniyang pakiramdam, ngunit ang tanging sagot ng kaniyang ama ay “tingnan natin.”





Isang umaga, natagpuan ang kamagong na nabunot sa lupa, naka-handusay sa mahamog na damuhan, at nakaturo ang tuktok nito sa bahay ng haciendero. Tila nagpumiglas itong palayain ang sarili sa lupa at nagsimulang gumapang. Napakamot na lang ng ulo ang haciendero sa kagila-gilalas na pang-yayari, matapos ay nagpasiyang hindi na maaaring itanim muli ang puno.

Isinakay ang kamagong sa isang trak na may businang tila huni ng pato. Mula sa kaniyang bintana, malungkot na pinagmasdan ni Chisco ang papalayong trak.

Lumipas ang ilang linggo, at nang mga huling araw ng tag-araw, dumating ang isang paketeng nababalutan ng diyaryo at lubid, at mga tatlong talampakan ang taas at lapad. Lulan ito ng trak na dalawang beses bumusina bago humimpil sa tapat ng bintana ni Chisco.

Dalawang kabataang lalaki ang maingat na bumuhat nito pababa ng trak, at dinig ang boses ng haciendero na nagsasabing dalhin nila ito sa itaas ng bahay.





Ilang sandali pa, nakarating sila sa loob ng silid ni Chisco, at maingat nilang inilapag sa sahig ang pakete. Bahagyang natuklap ang ilang diyaryong nakabalot dito, kaya't sumisilip na ang isang tainga at buntot na yari sa itim at makintab na kahoy.

Pinutol ng haciendero ang lubid at nang matanggal ang lahat ng diyaryong nakabalot, tumambad sa kanila ang laman ng pakete - isang makintab na kabayong tumba-tumba, itim na itim, maliban sa siyá nitong kulay asukal na pula.

Kinarga si Chisco ng kaniyang ama at isinakay sa kabayo. Dahan-dahan, nagsimula siyang umugoy-ugoy. Mayamaya’y napangiti siya at nabakas sa mukha niya ang kaligayang tila tuma-talbog sa apat na sulok ng kaniyang kuwarto.

Niyakap ng bata ang leeg ng kabayo at mahigpit na magkasalikop ang kaniyang mga daliri. Sa isang saglit, parang nakita ng hacienderong kumislap ang maiitim na mata ng kabayo, ngunit baka pinaglaruan lang siya ng sinag ng araw.


“Pinagawa ko itong kabayong tumba-tumba mula doon sa puno ng kamagong na namatay,” sabi nito sa anak, at napangiti lang si Chisco at sinabing, “Alam ko po.”





Inilagay nila ang kabayo sa tabi ng bintana, at doon, naglagi si Chisco, paugoy-ugoy, nagkukunwaring nakasakay sa isang totoong kabayo at lumilibot sa plantasyon ng kaniyang ama. Iniisip niyang nakikipagkarera siya hanggang sa labas ng tarangkahan. Iniisip niyang malaki na siya, at naglalakbay sa malalayong lupain, dala-dala ang marami niyang kayamanan sa kaniyang kuwarto - ang kaniyang mga laruan, libro, instrumentong pangmusika. Ganito ang masasaya at huling araw ni Chisco sa plantasyon.

Tulad ng kaniyang ina, tahimik na pumanaw si Chisco pagkatapos ng tag-araw na iyon. Inilagay ng kaniyang ama ang kabayong tumba-tumba sa damuhan sa tabi ng kaniyang libingan, at hinayaan lang itong mabulok sa paglipas ng panahon. Minsan, sa di-kalayuan, parang natatanaw ng haciendero ang kabayo na umuugoy-ugoy, kahit sa mga pagkakataong mahina naman ang ihip ng hangin at ni hindi tumitinag ang mga dahon sa bumbunan ng mga puno.






Samantala, sa dating kinatatayuan ng puno ng kamagong, nasulyapan ng haciendero ang isang murang puno na umuusbong, tila nagpupumiglas itong papalabas ng lupa. Napakamot na lang siya ng ulo sa kamangha-manghang nasaksihan.

Napangiti siya.

Hindi natin laging napapansin,
ngunit patuloy lang ang takbo ng
buhay.

Kahit saan.



Acknowledgments

The product of a creatively competitive process, *The Rocking Horse* finds its roots in the painting you see below. Conceptualized and executed by the incomparable Elmer Borlongan, and used as the centerpiece of CANVAS' first annual Romeo Forbes Children's Storywriting Competition, this work of art inspired over 80 stories from Filipinos all over the world.

Multi-awarded author Becky Bravo won over a highly distinguished field, and her lyrical and moving story was then exquisitely illustrated, still by Elmer Borlongan. Together, Becky and Elmer have set a very high standard against which CANVAS' future publications will be measured.

We would like to thank our partners: The Panta Rhea Foundation, Northlight Studios, UST Publishing House, The Artery, Choice Expression Gallery, and Art Exchange for their invaluable support. We are also indebted and grateful to a number of individuals without whose presence and contributions this project would not have been as successful and enjoyable: Hans Schoepflin, Mike Cheung, Plet Bolipata, Delan Robillos, Daniel Palma Tayona, Augie Rivera, Carla Pacis, Ninoy Leyran, and Susan De Guzman.



We are very proud of this book – an offspring of a unique collaboration between two of the best talents in contemporary Filipino art and literature – and hope *The Rocking Horse* is only the first of a long series that Filipinos can be proud of, and that everyone around the world will enjoy.

Gigo Alampay
Executive Director, CANVAS
Manila, Philippines
June 2005



about BECKY BRAVO

Becky Bravo's first foray into the children's fiction genre began in 1996 during a short-lived attempt at a Masteral degree in Creative Writing. One of the first classes she took was an undergraduate course in children's fiction, and it was for this class that she wrote her first actual children's story entitled "Fetch". On her first crack at joining the Palanca Memorial Awards in 1997, "Fetch" came away with the 2nd Prize for Children's Fiction in English. She has participated in the contest every year since then, winning 1st Prize in 2000 for "Fish for Two", and another in 2004 for "The Cat Painter", both of which were later published as picture books. She became a member of KUTING in 2004.

about ELMER BORLONGAN

Elmer M. Borlongan began his drawing and painting lessons under the inspired tutelage of Fernando Sena at the early age of 11. He took art courses at U.P. Diliman College of Fine Arts as a painting major, and has won numerous awards in various painting competitions. He is included in the roster of the prestigious Thirteen Artist Awards (1994), and has represented the Philippines in various international art festivals. He was an Artist-in-Residence in ARCUS Ibaraki, Japan (1996). His works are in the collections of the Fukuoka Asian Art Museum and the Singapore Art Museum. He currently resides with his artist-wife Plet C. Bolipata in San Antonio, Zambales.